BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## Spring tungo sa season ng paghahardin sa Seedy Saturday

BRAMPTON, ON (Pebrero 24, 2023) – Ang Lungsod ng Brampton, sa pakikipagtulungan sa Brampton Horticultural Society, ay tinatanggap ang komunidad muli sa personal na Seedy Saturday sa Marsong ito.

Bawat taon, nagsisimula ang Seedy Saturday sa season ng paghahardin sa spring. Ang libre, palakaibigang event ng pamilya ay nag-aalok ng isang lugar kung saan ang mga residente ay matututo tungkol sa paghahardin at horticulture, magpalitan ng mga butil at makinig mula sa mga eksperto. Ang lahat ng gardener, bago at may karanasan ay malugod na tinatanggap. Available rin ang programa ng mga bata.

Kabilang sa hanay ng mga tagapagsalita sa taon na ito sina:

- Sean James tungkol sa Talk Dirty: Soil and the Things Living In It
- Lorraine Johnson tungkol sa Gardens for Pollinating Insects: Friend not Foes
- Ken Brown tungkol sa Growing Plants from Seeds
- James Graham tungkol sa Great Tips on Growing Great Vegetables

Sumama sa mga tagapagsalita na ito at marami pang mga vendor sa Century Gardens Recreation Centre.

**I-save ang Petsa**

Seedy Saturday
Marso 11, 10 am - 3 pm
Century Gardens Recreation Centre
340 Vodden St E
Brampton, ON
L6V 2N2

Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang www.brampton.ca/seedysaturday

**Mga Quote**

"Ito ay labis na higit pa tungkol sa paghahardin. Tungkol ito sa pagtatayo ng mas luntian, mas konektadong komunidad na nakatuon tungkol sa pagiging sustenable. Ang paghahardin ay isang outlet para sa napakarami at inaasahan naming kayong makita sa Seedy Saturday, nagsisimula pa man kayo o naghahanda na para sa ibang season ng pagpapatubo."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nananabik tayo na bumalik sa personal na event sa taon na ito, magkasamang natututo tungkol sa mas luntiang pamumuhay, sa mga benepisyo sa kalusugan ng paghahardin at seguridad sa pagkain. May isang bagay para sa lahat, ang Seedy Saturday ay isang kilalang event na may dekada ng tagumpay.”

*- Rowena Santos, Chair, Community Services; Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Green City, at bawat araw nakatuon tayo sa mahahalagang inisyatiba na sumusuporta sa ating layunin. Ang Seedy Saturday ay naglilingkod bilang isang pagkakataon ng pagkatoto para sa lahat sa atin na makalikha ng munting mga habit at proyekto na gagawa ng malaking kaibahan kung pag-uusapan ang pagiging sustenable, kalusugan, at kabutihan sa ating komunidad.”

*- Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca